

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles Gabay para sa mga Pasilidad ng Pagkain

Bilang tugon sa pagsiklab ng COVID-19 (novel coronavirus) at ang pag-anunsyo ng Gobernador ng California, na si Gavin Newsom, tungkol sa mga pampublikong pagtitipon, bilang karagdagan sa mga Utos na Pangkalusugan na inilabas ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan, epektibo agad na ang mga bar, mga winery, at mga retail na pasilidad ng pagkain ay dapat na tumalima sa mga sumusunod:

### Dine-in na mga Pasilidad ng Pagkain

- Ang lahat ng mga restawran at mga retail na pasilidad ng pagkain ay binabawalan na maghain ng pagkain para sa pagkonsumo sa loob at labas ng kainan.
- Ang mga restawran at mga retail na pasilidad ng pagkain ay maaaring magpatuloy sa kanilang operasyon para sa mga layunin ng paghahanda at pag-aalok ng pagkain sa mga kustomer sa pamamagitan ng paghahatid na serbisyo, para pick-upin o para sa drive-thru.
- Ang mga bar o mga winery na may permiso para sa pasilidad ng pagkain ay maaaring manatiling bukas para sa mga layunin ng pagpapatuloy na maghanda at mag-alok ng pagkain sa mga customer sa pamamagitan ng paghahatid na serbisyo o para pick-upin. Ang mga bar at mga winery na walang permiso para sa pasilidad ng pagkain ay hindi pinapahintulutan na magbukas.
- Para sa mga pasilidad ng pagkain na nag-aalok na pwedeng pagpick-up o paghahatid ng pagkain, ang mga operator ng pasilidad ng pagkain ay inatasan na magpatibay ng pagsasanay sa sosyal na pagdistansya para sa mga suki na nasa pila kapag nag-oorder o tuwing pagpick-up.

***Ang mga kapetirya, mga komisaryo, at mga restawran na matatagpuan sa loob ng mga ospital, mga nursing home, o mga katulad na pasilidad ay hindi kasali; gayunpaman, inirerekumenda na tiyakin na ang naaangkop na sosyal na pagdistansya na mga kinakailangan ay maaaring matugunan (6 na talampakan mula sa iba pang mga kustomer) para sa on-site na pagkonsumo.***

**Mga Tindahan ng Groceries, mga Convenience store, [mga Sertipikadong Pamilihan ng mga Magsasaka](#) at mga Mobile na Pasilidad ng Pagkain (hal. mga trak ng pagkain, mga kart ng pagkain) ay hindi kasali sa mga utos na ito**

- Inirerekumenda ang pagsubaybay sa kapasidad ng kustomer upang magkaroon ng sosyal na pagdistansya sa kustomer. Mahalaga ito lalo na sa mga linya ng paghihintay tulad ng mga linya ng check-out counter o counter ng pag-oorder.
- Ang mga tindahan ng groceries na may on-site na mga lugar na pagkonsumo ay hindi maaaring magbigay ng anumang mga dine-in option, sa loob man o sa labas at dapat tumalima sa gabay na nakalista sa itaas.
- Ang mga tindahan ng groceries at mga convenience store na nag-aalok ng self-service na hindi nakabalot na pagkain (hal., nachos, salad bar) ay dapat itigil ang pagpapahintulut sa kustomer na magself-service.

### Karagdagang Mga Paalala para sa Pasilidad ng Pagkain

### Mga Empleyadong may Sakit

- Pinapayuhan ang mga empleyado na may sakit na manatili sa bahay at huwag bumalik sa trabaho

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles Gabay para sa mga Pasilidad ng Pagkain

hanggang sa mawala ang kanilang lagnat ng hindi bababa sa 72 na oras na hindi umiinom ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat.

- Ang mga empleyado na tila may sakit sa pagdating sa trabaho o nagkasakit sa araw ng trabaho ay dapat na umuwi agad.

### Mga Kustomer na Nagpapakita ng mga Palatandaan ng Sakit

- Magpaskil ng mga palatandaan sa mga lugar na madaling makita na humihiling sa mga kustomer na manatili sa bahay kung sila ay may sakit, kahit na di-malubhang sakit.  
<http://publichealth.lacounty.gov/media/coronavirus/StayHome.pdf>
- Bigyan ang mga kustomer ng karagdagang mga napkin o tisyu na gagamitin kapag sila ay umubo o bumahin.
- Tiyakin na ang mga banyo ay ganap na may laman na sabon, solong gamit na mga tuwalya / pampatuyo ng kamay at di-hinahawakan na mga basurahan.
- Inirerekumenda ang pagbibigay ng sanitiser ng kamay na nakabatay sa alkohol na hindi bababa sa 60% na alkohol para magamit ng mga kustomer sa mga karaniwang lugar, tulad ng pagpasok sa pasilidad
- Turuan ang mga serbidor at kawani sa counter na magpanatili ng 6-talampakan na distansya sa pagitan ng kanilang mga sarili at sa mga suki na mukhang may sakit hangga't maaari.

### Mga Tagubilin sa Paghuhugas ng mga Kamay para sa Lahat ng mga Empleyado

- Hugasan ang mga kamay at mga braso gamit ang sabon at maligamgam na tubig nang hindi bababa sa 20 segundo tulad ng tinukoy sa [Alituntunin ng Retail na Pagkain sa California](#), Seksyon 113953.3.
- Inirerekomenda ang pagtatalaga ng isang empleyado sa bawat shift sa trabaho na tiyakin na ang mga lababo sa paghuhugas ng mga kamay ay ganap na may laman na mga sabon at papel na tuwalya sa lahat ng oras.
- Inirerekumenda ang naaangkop na paggamit ng mga guwantes bilang isang karagdagang kasangkapan, ngunit mahalagang tandaan na ang mga guwantes ay hindi pinapalitan ang pangangailangan na hugasan ang mga kamay at magsanay ng mahusay na kalinisan ng kamay.

### Sundin ang mga Pangunahing Kasanayan sa Kaligtasan ng Pagkain

- Panatiliing mainit ang mainit na pagkain (135 °F o mas mainit) at malamig ang malamig na pagkain (41 °F o mas malamig).
- Lutuing maigi ang mga pagkain kung kinakailangan.
- Linisin at disimpektahin nang madalas ang mga kasangkapan sa pagkain at kagamitan.
- Sumunod sa mga kasanayan sa kalusugan at kalinisan para sa empleyado - huwag magtrabaho kapag may sakit at hugasan ang mga kamay nang madalas at kapag kinakailangan tulad ng nabanggit sa itaas.
- Tiyakin na ang lahat ng mga pagkain at mga sangkap ng pagkain ay mula sa isang naaprubahan na mapagkukunan ng pagkain.

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles Gabay para sa mga Pasilidad ng Pagkain

### Mga Espesyal na Pagsasaalang-alang

- Limitahan ang paggamit ng mga narerefillan na lalagyan na dinadala ng mga kustomer para sa mga inumin o pagkain.
- Ang mga dispenser ng inumin na ginagamit upang mag-refill ng mga self-serve na inumin ay dapat na linisin at disimpektahin nang madalas.
- Panatilihin ang mga isahang-gamit na gamit tulad ng mga baso, mga kubyertos, mga pinggan, at mga nakabalot na pampalasa sa likod ng counter at ibigay kapag hiniling.
- Punasan ang mga lalagyan ng pampalasa, tulad ng ketchup, asin at paminta, atbp. sa pagitan ng mga kustomer na gumagamit.

### Pangkalahatang Paglilinis

- Linisin at disimpektahin nang madalas ang lahat ng mga "madalas-hawakan" na ibabaw tulad ng mga counter sa paghahain, mga lamesa, mga pintuan ng ref, mga kaha, mga kagamitan sa banyo, mga palikuran, mga hawakan ng pintuan, mga basurahan, at mga telepono.
- Linisin at disimpektahin ang mga menu, mga lamesa, at mga upuan pagkatapos ng bawat paggamit.
- Gumamit ng isang rehistrado sa Environmental Protection Agency (EPA) na produkto na naglilinis (nag-aalis ng mga mikrobyo) at nagdidisimpekta (pumapatay ng mga mikrobyo). Laging sundin ang mga tagubilin na nakatatak sa mga produkto na panlinis at mga pandisimpekta.

### Mga Epektibong Pandisimpekta

- Para makagawa ng isang bleach na solusyon, maghalo ng 1 kutsara ng bleach sa 1 litro (4 na baso) ng tubig. Para sa isang mas malaking suplay, magdagdag ng 1/4 na baso ng bleach sa 1 galon (16 na baso) ng tubig. Gamitin ang solusyon sa loob ng 20 minuto. Gumamit ng mga test strip upang suriin ang chlorine na solusyon (100 ppm).
- Ang iba pang aprubado ng EPA na mga pandisimpekta ay maaaring gamitin kung ang mga ito ay epektibo laban sa mga Coronavirus. Ang mga mamimili ay maaaring tumawag sa "1-800" na numero na nasa tatak ng produkto para sa pagkamabisa nito laban sa "COVID-19".

### Wastong Paghawak ng mga Pandisimpekta, mga Bagay at Basura

- Gumamit ng mga kemikal sa isang lugar na may maayos na bentilasyon.
- Iwasan ang paghahalo ng hindi katugma na mga kemikal (basahin ang nakatatak).
- Iwasan ang pagkontak ng kemikal sa pagkain habang naglilinis.
- Pamahalaan nang maigi ang basura at itapon sa isang secure na lalagyan ng basura.

Para sa karagdagang impormasyon sa pag-iwas sa isang nakakahawang sakit sa isang setting ng pasilidad ng pagkain, makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Pagpapayo sa (888) 700-9995. Para sa karagdagang impormasyon sa COVID-19, bumisita sa: <http://publichealth.lacounty.gov> .